

PROLOGUE

Paano

*M*adalas kong makita si Simoun Paul Azul. Hindi ko alam kung ano ba ang kailangan niya sa kapatid ko at palagi siyang dumadaan sa tirahan namin. Minsan ay nakita ko pa siyang binibigyan ng bulaklak si Ate Arruba at kung minsan ay inuumaga na rin siya sa bahay. Madalas ay nabuhuli ko siyang bumababa mula sa bintana ni Ate sa kabilang silid. Hindi ko talaga alam kung ano ang ginagawa nila at inuumaga sila.

Karamay ko sa inis na nararamdaman ko si King David. Siya iyong trece años na batang nakatira sa kabilang street at namatayan ng nanay. Hindi pa siya natutuli. Noon ay kaarway ko siya, pero lumipas ang panahon ay nakasanayan na namin ang isa't isa.

Noong namatay ang nanay niya ay si Ate Arruba ang palaging dumadalarw sa kanya hanggang sa panay na siyang nagba-bike papunta sa amin. Natatarwa nga ako sa kanya. Dalawang taon lang ang tanda ko sa kanya, pero minsan ay sinabi niyang mahilig na darw siyang mag-Maryang Palad. Turo darw iyon ng Kuya Ernesto niya.

“Boyfriend mo ba si Simoun Paul, Ate?”

Minsang hindi ko natiis ay tinanong ko na kay Ate Arruba ang matagal ko nang gustong itanong. Kumakain

kami nang gabing iyon. Wala si Mama, kasama niya si Papa at kumain sila sa labas. Kami lang ni Ate ang nasa bahay noon at si Simoun Paul daw ay papunta na.

“Oo, Jude. Wala namang masama, di ba? Dalaga naman ako at binata siya.”

Ngumuso lang ako. Hindi na ako nagtanong pagkatapos. Nang gabing iyon ay pinuntahan ko si King David sa bahay nila. Nasa sala kami at kumakain ng jelly beans. Paborito daw niya iyon.

“Ha? May syota na si Arruba? Hindi pwede ito!” sigaw niya sa akin.

“Ayos lang iyan, Totoy, walang forever, eh,” komento naman ni Axel John sa kanya.

Nanlalaki ang mga mata ni King David. Alam kong gusto niya ang ate ko at natutuwa ako sa kanya dahil parang sa murang edad namin ay mahal na mahal na niya ang kapatid ko. Alam ko namang natutuwa lang din si David sa mga nangyayari sa kanya, may nag-aasikaso pa rin kasi sa kanya. Sinabi ni Ernesto ay naguguluban pa rin si David sa nararamdaman niya, pero ayos lang sa akin; mabait naman siya sa ate ko.

Alas nueve ng gabi nang maisipan naming maglakad-lakad sa loob ng subdivision. Nagkukwentuhan kami habang nagkakatuwaaan. Napadaan kami sa bahay ko at nakita ko si Azul a.k.a. Simoun Paul na palabas na ng gate namin. Ngumisi siya sa amin. Kilala na niya kami.

“Oh, saan kayo pupunta?” tanong pa niya.

*“P*tang-ina mo!” sigaw ni David. “Mang-aagaw ka! Akin si Arruba!”*

“Totoy! Kumalma ka! Hindi ka pa nga tuli, eh!” sabi ni Ernesto sa kanya. Napahagalpak ako ng tawa. Nasa

college na sina Simoun Paul at Axel John. Ako naman ay grade ten na samantalang si David ay nasa grade eight pa lang.

“Hab! Hindi pa tuli! Gago ka! P*tang-ina mo rin!”

Sa kabila ng sigawan ay nakarinig kami ng putok ng baril. Nagkatinginan sina Axel John at Simoun Paul. Nanggaling iyon sa loob mismo ng bahay namin!

Tumakbo kami papasok sa loob. Si Azul ay hindi mapakali. Si Axel John ay hawak ang kamay ni David, ako naman ay kinakabahan.

Bakit may putok ng baril sa loob ng bahay namin? Ano ang nangyari? Si Arruba? Si Mama? Nasaan si Papa?

Narating namin ang front door. Nang makapasok kami ay nakita ko si Ate Arruba na nakaupo sa hagdanan, duguan ang kanyang braso.

“Arru!” sabay-sabay naming sigaw.

Isa na namang putok ng baril ang narinig ko mula sa sala.

“Judas! Dito ka lang!” tawag ng ate ko, pero hindi ako nakinig. Pumunta ako sa sala at doon, nakita ko ang mama ko na duguan sa sabig, wala nang buhay at muli siyang binaril ng lalaking nakatayo sa gitna ng living room, walang iba kundi si... Papa!

“P-Pa...” Umiiyak na tinawag ko siya. Itinutok niya sa akin ang baril.

“Demonyo ka!” sigaw niya sa akin. Ipinutok niya ang baril. Pero naramdaman kong napahiga na lang ako. Nang magmulat ako ay nakita ko si Azul na yakap-yakap ako.

“Ayo ka lang?” tanong niya.

Nang tingnan ko si Papa ay nakita kong binaril siya ni Axel sa braso. Dapat ay magalit ako kay Axel pero hindi.

Relief pa ang naramdaman ko. Nakita ko naman si David na tumatawag ng ambulansya. May kausap na siya sa phone.

“W-wala na ang mama ko...” wika ko kay Azul.

Ngumiti siya nang mapait. “Wala na rin ang mama ko...” aniya. “Pareho tayo, kaya mula ngayon, kapatid na kita...” He patted my head. I was able to give him a weak smile.

I never thought that night would change everything in my life...

CHALLENGE #01



“Daddy Judas, s’abi ni Mama ko, may ipapakilala daw siya sa ’yo na girl para daw may girlfriend ka na kasi daw ikaw na lang saka si Daddy Ido ang walang girls. S’abi niya dapat daw mag-asawa ka na para daw palagi ka nang nandito sa Pilipinas. Magastos pa daw kapag nasa Singapore ka o sa Malaysia o sa China, saka daw baka magka-SARS ka o MERS-COV sa kakapunta mo doon.”

Nang araw na iyon ay sinundo ko si Baby Blue sa summer school niya. Naglalakad pa lang kami papunta sa kotse ko nang sabihin niya sa akin ang mga salitang iyon. Idinaan ko na lang sa tawa ang lahat ng sinabi niya. Ang anak ni Azul at ni Leira ay napakadaldal. Hindi ko alam kung nagmana ba ang bata kay Leira, but Baby Blue was just so talkative. Minsan ako pa ang napapagod sa kanya.

“Daddy Judas, s’abi din ni Daddy na kapag lumabas ang baby brother ko ay ‘Red’ ang itatawag namin sa kanya kasi ang name niya na Fredrick Lukas ay galing kay Lolo Lukas, iyong lolo ko na pogi, iyong may malaking bahay saka magandang car.”

Muli, natawa ako. Exaggerated magkwento ang

inaanak ko.

“Kumusta ang school mo?” tanong ko.

“Nakakainis! Ayaw ko naman ng ganito na school. Ang dali-dali lang. Gusto ko talaga matuto magbaril, eh,” wika pa niya. Baby Blue was five and she’s having her summer academics na kinaiinipan naman niya dahil sa madali lang daw ang lahat.

Napapailing na lang ako sa kanya.

Tuwing nakikita ko ang mga kaibigan ko na masaya at kuntento sa buhay na pinili nila ay hindi ko maiwasang makadama ng inggit. Naiinggit ako dahil minsan ay pinangarap ko rin ang magkaroon ng pamilya. Na akala ko ay pwede iyon sa akin, pero niloloko ko lang ang sarili ko. Kakaiba ako, kakaiba ako sa lahat dahil may mga paniniwala ako na hindi talaga pwedeng basta bitiwana.

My friends chose the family path and I was happy for them. Una si Azul; isinugal niya ang lahat para kay Leira and in the end, they had the ending they both deserved. Pangalawa, si Axel John naman ay kuntentong-kuntento kay Bernice at sa magiging anak ulit nila. Ang panganay nilang si Reese, na inaanak ko rin sa binyag, ay ang batang armalite kung magmura. Buti nga itong si Blue ay hindi palamura. Pero minsan narinig kong minumura niya ang Kuya Monmon siya. Tsk, tsk. Pangatlo, David married Mariella and they had two kids already, going four dahil buntis si Yella at kambal ang magiging anak nila. Masayang-masaya ang kaibigan kong ito sa piling ng pamilya niya. I saw how he matured these past years and I was really happy for him.

Kung sa kanila ay pwede iyon, sa akin ay hindi. Alam kong ganoon rin si Ido. Maliban sa iniisip niya ang nakaraan niya ay hindi niya rin alam kung paano mabubuhay na tulad ng kina Azul.

I didn't believe in second chances, I didn't believe in last chances. Para sa akin, bawat tao sa mundo ay may isang tsansa lang sa buhay at nasa tao na kung paano niya ikasasama o ikabubuti ang tsansang ito. I had my chance and I chose to be a bad man—and bad men didn't get to have their happy endings.

People like me could never be someone else's Prince Charming because in my case, I am the villain. I kill to live. I poison people to make money. I am a bad man and I know I'm going to hell for it... just like my dad.

My dad killed my mom and shot us—my sister and I—because he was under the influence of drugs. Ang droga na iyon ang sumira sa pamilya ko, pero ang drogang iyon din ang bumubuhay sa akin ngayon. I sell drugs for a living. I manufacture it. Wala na akong konsyensya dahil wala akong pakialam sa masisira kong buhay.

Minsan na ring nasira ang buhay ko sa droga, pero nagawa kong tumigil. My sister said that it's a second chance in life, but I called it as the continuation of my chance in life.

Para sa akin, ang tsansa sa buhay ay tuloy lamang. Hindi ka mage-game over pagkatapos mage-generate ng isa pang buhay. Literal na we only live once—iyon ang paniniwala ko.

“Ay! Daddy Judas, mag-ice cream tayo, please po...”

Nginitian ko si Baby Blue. Sa ngayon ay kuntento

ako sa kung ano'ng meron ako. Si Blue, ang mga kaibigan ko, at ang mga pamangkin ko. Doon na lang siguro iikot ang mundo ko, hindi na ako maghahanap nang higit pa roon.

Ipinarada ko ang sasakyan ko sa tapat ng isang ice cream house. Ibinaba ko si Blue saka pumasok na kami roon. Nag-ice cream siya, kumain naman ako ng cake. I loved sweets. Noong mga bata kami ay madalas magbake si Mama at si Ate Arruba para sa akin, ngayon si Leira naman ang luto nang luto. Si Ate Arruba ay may sariling buhay na sa New York, paminsan-minsan ay dinadalaw ko siya.

Nang maubos ni Baby Blue ang chocolate mint ice cream niya ay umalis na rin kami. Inihatid ko siya kina Azul at Leira, matagal naman akong nag-stay doon. Doon na ako kumain at nagkwentuhan pa kami ni Azul.

Alas-ocho ng gabi nang magpaalam ako. Hindi ko alam kung uuwi na ako. Sa totoo lang, nitong nakaraang mga araw ay nalulungkot ako tuwing uuwi, naiinggit nga kasi ako sa kanila.

Habang nagmamaneho ay nagpapatugtog ako ng radio. Pumailanlang ang boses ng DJ.

And for Zachary Drew's new song, we have the song 'Ecstasy' featuring the voice of Samuelle Santos...

Tumugtog ang kanta. Tahimik lang akong nakikinig...

You by now...

Is the light in my darkness...

You gave color to my world

Though I never imagined...

You're a warrior in a never-ending battle...

“Oh, my God! I didn’t think they would actually play my song! Oh, my God!”

Napapreno ako nang marinig ko ang boses ng isang babae sa likod ng sasakyan ko. Muntik na akong mauntog sa manibela. Agad akong lumingon doon.

There I saw a woman with a white knitted bonnet on her head. She had this long wavy dark hair. She wore a gray three-fourths shirt that had #embraceweirdness print in front.

“P*tang-ina mo! Sino ka at paano ka nakapasok sa sasakyan ko?”

Napatingin siya sa akin.

“Ay, ang bad naman ng mouth mo. When I was young, Mom would snap if she hears my brothers cursing! Lagot ka sa mom ko!”



Have you ever felt so tired that you sleep at night and then the next day you woke up still feeling tired? I felt that exact exhaustion from something that I didn’t understand. I felt so tired. I felt like I lacked sleep—na hindi naman dahil wala akong ginawa sa last two days ng buhay ko kundi ang matulog.

We were five in the brood. My brother’s name was Christopher Robin; yes, kapangalan niya iyong character ng *Winnie the Pooh*. Then my Ate Gabrielle, siya iyong panganay na girl. Nandiyan din iyong second kuya ko na si Bruce Wayne; yes, Bruce Wayne as in *Batman*. And my favorite kuya of all, si Kuya Logan or as what I liked to call him, Wolverine. Ako naman ang bunso.

My name is Samuelle—just Samuelle. Walang second name, just plain old Samuelle.

My dad and mom loved calling me ‘Sampalok’, kinalakihan na rin iyon ng mga kapatid ko. Kapag galit si Dad, ‘Samuelle’ ang tawag niya sa akin. Pero kapag naglalambing siya o masaya siya o sila ni Mom, they call me ‘Sampalok’. I didn’t know why I had that nickname, maybe because there’s a certain sweetness and sourness in me that my family loved. I believed that I was made of sugar, spice and everything nice minus the chemical X.

I stood up and looked at myself in the mirror. My hair was long and it’s so wavy. I loved my hair and my eyes. I could just look at my eyes all day and I would never get tired of doing that.

Naligo na ako at nagbihis. Mayroon akong appointment ngayon with Uncle Anton sa *Revert Records*. Si Uncle Anton ang isa sa mga kabanda ng mommy at daddy ko noon. Collectively they were known as *NEON* and they were pretty big at their time. So, lahat kami sa family ay musically inclined and it was because of our parents.

I played the guitar and drums. Ganoon din ang mga kapatid ko; tatlo kami—ako, si Bruce Wayne at si Logan—ay pinili ang music path. My two older siblings went to managing the business. Si Ate Gabrielle ay nasa Ibiza, si Kuya Chris naman ay nasa New York. So Mom and Dad were stuck with the three tigas in ang ulo.

“Good morning, Mom!” I greeted her. Natagpuan ko siyang nakaupo sa dining chair at nakikipagkwentuhan

kay Dad. They both looked at me, err, my shirt.

#embraceweirdness.

“Sampalok, may meeting ka kay Ninong Anton mo ‘tapos ganyan lang ang suot mo,” sabi ni Mom sa akin. “Wear something formal naman!”

Huh? I looked at Dad.

“Hayaan mo na lang ‘yan... Bagay naman.”

“Kaya matigas ang ulo niyan, eh.”

“Mana sa ‘yo...” nakangiting wika ko kay Mommy. Hinagkan ko sila sa pisngi at saka umalis na ako.

I loved my parents. Fascinated nga ako sa love story nilang dalawa. My mom waited for my dad. He was her first love. Si Mom lang din ang love ni Dad although nagkaroon siya ng ibang girlfriend, but he came back for my mom and he said that it would always be Mom. Mommy told me about the bus she used to vandalize while waiting for him. Sadly, sa tagal kong buhay sa mundong ito, hindi ko pa nakikita ang bus ni Mom.

Probably, it was an old bus with an old conductor and the old driver.

Araw-araw ay nagba-bus ako, umaasa na sana makita ko ang bus nila, pero hindi naman ako sinuwerte.

Dumating ako sa *Revert Records*. Nasalubong ko si Calisto Raphael Katigbak alias Callix. Ngumisi siya sa akin.

“Hi, Samie.”

“Hello, Loser!” Hinampas ko siya sa balikat. Nagtawanan kami pagkatapos ay umalis na rin siya. Dumiretso ako sa pinakamataas na floor sa building na iyon para makausap si Ate Yana at si Uncle Anton. Hindi ko alam kung para saan iyon, but I had a feeling

it's about Kuya Zach's song—the one I wrote for him.

“Hey po.” Pumasok ako sa loob. Uncle Anton smiled at me. Nagmano ako sa kanya pagkatapos ay humalik ako kay Ate Yana.

“Nandito na siya. Hindi na ako magpapaligoy-ligoy pa. Samie, we want you to sign a contract at *Revert*.”

“Pero, Ate, dito na talaga ako nagtatrabaho. Producer. Minsan songwriter. Minsan RM pa. Anong contract pa?”

“As one of our singers, Samsam,” tugon ni Ate Yana. Napangiwi ako.

“Ayoko po. Nahihiya ako,” I smiled.

“Bakit hindi ka nahiya kay Zach?”

“Comfortable naman kasi ako sa kanya. I grew up with him around, plus ang usapan ay backing vocalist lang ako, why would I be a singer now? Ayoko po. Masaya naman po ako sa work ko at sa music school namin ni Logan.”

Nagtinginan sina Ninong Anton at Ate Yana. I just smiled at them. Hindi naman kasi ako iyong tipong pam-front, palagi akong nasa background. Sa family ko, ako ang sentro pero paglabas sa bahay, ayokong ako ang humaharap sa kung sino o saan. Hanggang maaari ay nasa likod lang ako.

If my mom was the girl who couldn't be moved, I was the girl at the back—just looking around.

Nagpaalam na ako sa mga kausap ko. Pinayagan naman nila akong umalis. I took out my phone from my bag and texted *The Wolverine*.

To: <*The Wolverine*>

Subject: Yow!!! XD

*MSG: Hey, you were right, they want me to sign.
I said no. Didn't feel like being in front. Maybe you
can be the next ZD. Ha! Ha!*

Matapos iyon ay ipinasok ko na muli sa bag ko ang aking phone at sumakay na sa elevator. I was singing in my head.

I wonder if I were a mermaid, and I sang, and if a man heard me sing, would he be hypnotized?

I believed that I was a mermaid in my past life. Isang katunayan ay ang peace na naramdaman ko sa tubig. I loved water. Running or not, I loved water and I never eat fish. Naiinis nga ako kapag kumakain ng isda sina Mom sa bahay, para bang pinapatay nila ang mga nasasakupan ko. Yes, nasasakupan, because I am the Queen Mermaid.

Bago ako pumara ng bus ay naisipan kong kumain ng ice cream. Tumawid ako at pumunta roon. I ate half a gallon of it. Hindi ako naniniwala na nakakasira ng voice ang ice cream. I'd been singing all my life and eating ice cream at the same time, still, I had that mermaid voice in me.

Nang maubos ko ang snack ko ay lumabas na ako ng café na iyon. Maglalakad na sana ako paalis nang mapansin ko ang apple green *Ferrari Italia 458* sa harapan ko. Para akong na-hypnotize. I loved the color green and instead of turning away, I walked toward the car. Titingnan ko lang naman pero napansin ko na bukas ang pinto niyon sa likod kaya sumakay ako.

Kilig na kilig ako habang tinitingnan ko ang

interior niyon. Mukhang mamahalin. Humiga pa ako sa likod and I closed my eyes... so hard and wished that I would be able to drive this car. Gusto kong magpabili ng ganitong kotse kay Dad dati, pero naisip ko na hindi naman practical na magkaroon ako nito.

Nakatulog yata ako at nagising na lang ako nang maramdaman kong umaandar na ang kotse. Madilim na rin ang paligid. Hindi ko alam kung nasaan ako.

“And for Zachary Drew’s new song, we have the song ‘Ecstasy’ featuring the voice of Samuelle Santos...” anang boses ng DJ ng isang FM radio station.

Tumugtog ang kanta. Tahimik lang akong nakikinig...

“Oh, my God! I didn’t think they would actually play my song! Oh, my God!”

Napabangon ako at sumilip sa pagitan ng dalawang upuan sa harapan ko. Napatingin sa akin ang lalaki.

“P*tang-ina mo! Sino ka at paano ka nakapasok sa sasakyan ko?”

Napatingin siya sa akin.

“Ay, ang bad naman ng mouth mo. When I was young, Mom would snap if she hears my brothers cursing! Lagot ka sa mom ko!”

Nanlalaki ang mga mata ko. The man in front of me looked like an archangel. He had this certain look in his eyes that made anybody shiver. His nose, his jawline, his lips... well, it all helped to form that perfect face.

He looked so shocked. Napapreno pa siya.

“P*tang-ina mo! Wala akong pakialam sa nanay mo!”

Kumunot ang noo ko talaga.

“You have such a bad mouth! Like what the *Iron Man* said to *Cap*, ‘*You kiss your mother with that mouth?*’ I did my best to mimic *Tony Stark’s* voice.

The car stopped.

“No. I don’t kiss my mom with this mouth, but I’m sure I’m gonna kiss someone with this mouth tonight,” wika niya. Nanlaki ang mga mata ko nang bigla siyang yumuko at... hinalikan ako!

CHALLENGE #02



“Oh, my God! You’re a first kiss stealer! I hate you to the bones!”

I gasped. Nakangisi lang siya sa akin. Sinampal ko siya. Wala siyang right to kiss me! I hadn’t kiss anyone outside the family. Iyong prom date ko dati na si Eboy, hindi ko siya ni-kiss kasi ayokong mahawa ng pimples niya plus sinabi ni Mommy sa akin dati na kapag nagpa-kiss ako, mabubuntis ako. Of course I knew how babymaking works, pero nag-iingat lang ako. Mabuti na iyong safe.

“Oh, my God, baka mabuntis ako!” I even exclaimed. Kitang-kita ko ang confusion sa mga mata ng lalaking kaharap ko. Inihinto niya ang kotse, lumabas siya, at sinenyasan niya akong bumaba. Sumunod naman ako sa kanya. I didn’t like the way he looked at me. I hated it. Para bang nababasa niya ang soul ko which was not good because according to Mom, the only person that could read your soul is your soulmate and I didn’t want this stranger to be my soulmate.

“Sino ka? Bakit ka pumasok sa sasakyan ko? Ano’ng kailangan mo sa akin?”

Why was he so defensive? Wala naman akong

ginagawa sa kanya. I was just seduced by the color and the model of his car. I had no idea that he would think that way. Iniisip ko nga na baka tingin niya sa akin ay masamang tao. Baka mamaya isipin niyang sasaktan ko siya.

“Sino ka? Isa ka ba sa kanila?”

Nabingi ako sa lakas ng boses niya. I made a face. Masyado naman siyang paranoid. Nagkibit-balikat ako.

“I don’t mean any harm.” I raised my hands in the air. “I was just really curious about your car so I looked around,” paliwanag ko, pero hindi na siya nakatingin sa akin ngayon kundi sa mismong loob ng kotse niya. He pushed me away.

“Aray!” Napangiwi ako. Tumama ako sa poste na nandoon. Bakit parang mainit ang ulo niya? Nang tingnan ko siyang muli ay may hawak na siyang isang bilog na parang nagbi-bleep iyong color. He looked at me with sharp eyes.

“Did you put this inside my car?”

Todo-iling naman ako.

“Paano mapupunta ito doon kung hindi mo nilagay?” He grabbed my arm and made me look at him. “May baril ako dito, kung papatayin mo ako, uunahan na kita!”

Napasinghap ako nang malakas nang bigla niya akong tutukan ng baril.

“Oh, my God!” Automatically, my tears fell. My body shivered in fear. Was he a bad man? There’s actually a gun pointed at my face.

“Sino ka? Who are you working for?” he asked

me again. Itinutok niya ang baril sa tagiliran ko. This would be a good time if The Wolverine or The Batman was here or even one of my parents. Napaluhod ako sa harapan niya.

“Please don’t kill me. I haven’t settled my indifferences with my mom! I haven’t told my parents how much I love them. I have siblings that love me so much, please...” Napaiyak ako.

I closed my eyes and prayed hard. Sinabi ni Dad noon, may mga guardian angels talaga so I prayed to my guardian angel to save me, but then when I heard a gunshot, napamulat akong muli. Nakita kong hindi na nakatutok sa akin ang baril kundi sa ibang direksyon na.

Hinatak pa nga ako ng lalaki paalis sa lugar na iyon. Iniwan namin ang kotse niya—at nasa loob ang bag kong naiwan na namin. He was looking back and I could hear the guns firing at us. Sa bawat tinatakbuhan at kinukublihan namin ay binabaril nila kami.

“Are you f*cking working for them?” he asked in the middle of the chase. Napatingin ako sa kanya.

“Are you that stupid? If this is a movie and I am working for the bad guys, do you think they will come and shoot at me? If I am one of them, I could’ve already pulled the gun in your face and you can’t do anything! Don’t you watch any action movies?” I hissed at him. Napasigaw pa ako nang may bumaril ulit sa amin. Malapit na yata ang shooter.

Tumingin sa akin ang lalaki pagkatapos ay tumingin siya sa paligid. Doon ko nakita na malapit na kami sa istasyon ng lumang train. Nakakita ako ng maliwanag

na something at mayamaya ay nakita kong dumaraan na ang train. The man looked at me.

“Gusto mo pang mabuhay?” tanong niya. I nodded. “Okay, kung gusto mo pang mabuhay, tatalon ka diyan!” sigaw niya. “I’ll count to three. On three, tatalon tayo. Hold my hand and trust me. One! Two!”

I closed my eyes. Parang lose-lose situation ito. If I jumped, there’s still a possibility na mamamatay pa rin ako. I didn’t wanna die, gusto ko pang makabalik sa bahay namin. I still wanna see my parents!

“Three!”

I screamed. Inaasahan kong hindi na ako makakatapak muli sa lupa but then, I did it. I almost slipped but the man saved me. Napasandal ako sa dibdib niya.

“Malayo na tayo sa kanila,” wika niya.

Pinahid ko ang aking luha. Hindi ko alam kung saan pupunta ang train na ito—and I knew that I should be scared, but all I could think of was the kind of adventure I would have with him. Malalaglag na yata ang puso ko sa sobrang kaba at matutuyuan na ako dahil sa adrenaline ko.

“Halika, pumasok tayo sa loob,” aniya. Sumunod ako. He whispered that we had to blend in, pero bakit? All my life, my parents wanted me to stand out, I couldn’t just blend in.

Naupo kami sa dulo. Napansin ko agad ang naiwang acoustic guitar doon. I smiled.

“Ano’ng pangalan mo?”

I pouted but I answered him, “Samuelle.”

“Ako si Judas.”

So? Ano ang sasabihin kong next? Itatanong ko na ba kung bakit siya may baril? Kung bakit hinahabol siya ng mga bad guys?

Curious, I asked him, “Why are they after you?” Napakunot-noo pa ako.

“Mas mabuting wala kang alam,” malamig na sagot niya.

“Can I call my parents?”

“No,” he said plainly.

“Why not? It’s a free country, can I at least call my dad?”

“Gusto mo bang pati mga magulang mo ay mapahamak?”

Hindi ako nakapagsalita. Ayoko, siyempre, ayokong mapahamak sila pero mag-aalala naman sila sa akin. Ano na lang ang sasabihin nila? I sighed. Tumingin na lang ako sa bintana. I hated this situation.

Nang tingnan ko si Judas ay nakapikit na siya. The man who looked like an archangel was actually a bad guy and some other bad guys were after him. I wondered why. Napailing ako. Minabuti kong kunin na lang ang guitar sa tabi ko. Itinono ko iyon and I started playing.

I played whenever I was worried or scared and this was one of those scary moments in my life. I closed my eyes and thought of my family especially my mom. I already missed her. I didn’t feel safe here.

Please don't see...

Just a girl caught up

In dreams and fantasies

*Please see me reaching out
 For someone I can't see...
 Take my hand,
 Let's see where we wake up tomorrow
 Best laid plans sometimes
 Are just a one-night stand
 I'll be damned,
 Cupid's demanding back his arrow
 So let's get drunk on our tears...*

When I opened my eyes to look around, I saw Judas looking at me. He was grinning a bit.

Nagtaka ako. "Why?"

"Wala. Wag kang maingay. Di ba s'abi ko, fit in. Do not stand out. Madali nila tayong makikita..."

"Sino ba kasi sila?" muling tanong ko.

"Tulad ng s'abi ko, mas mabuting wala kang alam..."



I was looking at the lost girl in front of me. Iniisip ko kung ano ang mangyayari ngayon na kasama ko siya. Someone was definitely trying to get rid of me— whoever they were, hindi sila mapipigilan. Ang malas lang dahil mas madali sana ang lahat ng ito kung wala akong kasama. Pero kinailangan pang dumating ang babaeng ito at the exact same time when I was running for my life.

Kaya hirap akong maniwala na wala siyang kinalaman sa nangyayari.

I sighed. Nasa harapan ko siya, tulog na tulog at yakap-yakap ang gitarang nakita niya lang kanina doon. I shook my head. Iniisip ko rin kung paano ko

mako-contact sina Azul. Wala akong dalang phone. I left everything in my car—my phone, my keys, my wallet—and the only thing I had here was my gun. That’s the only thing that could save my life and, in this case, could save both our lives kung hindi nga siya isa sa mga taong iyon na gustong pumatay sa akin.

Pero hindi ako kumbinsido. Alam kong may kinalaman siya sa nangyayari sa akin. Sa buhay ko, madalas kong mapatunayan na walang coincidence; lahat ay planado, lahat ay sinasadya.

Mayamaya ay nagising na rin siya. She looked around at first then sighed.

“I thought it’s a dream.”

“You’re stuck with me,” I told her.

“Why? I am a good daughter to my parents and I don’t deserve to be treated like this.”

Natawa na lang ako. Noon naman huminto ang train. Tumayo ako at hinatak ang kamay niya. Napansin kong kinuha niya ang gitara at saka sumunod na sa akin. Pagbaba namin ay sumalubong sa akin ang tanawin ng dagat.

“Oh, my God! Dagat! I’m a mermaid!” Ipinahawak niya sa akin ang gitara at itinaas niya ang kanyang mga kamay. Umikot-ikot pa siya pagkatapos ay tumakbo pababa sa dalampasigan. Sumunod ako. Pinagmamasdan ko lang siya. Nagtampisaw siya sa tubig. I shook my head.

“What did I get myself into?” I whispered.

The girl was weird. She believed that she’s a mermaid. May tao bang ganoon?

Matagal bago siya bumalik sa akin. Basa ang

pantalón niya at ngingisi-ngisi pa siya.

“I am a Queen Mermaid in my past life.”

“Oh, yeah? Well, I used to work for Jesus Christ in my past. I sold Him out, by the way.”

She grimaced. “I hate you, you know.”

“The feeling is mutual. Now let’s get going.” Hindi ko alam kung saan kami pupunta. Wala akong pera, at sa tingin ko ay wala din siya. Ano ang gagawin namin?

Lakad lang ako nang lakad, mayamaya ay narinig ko ang grumble sa tiyan ng babaeng isda. She looked at me.

“Kumain na kasi tayo! We’ve been walking for hours! Ako nga hindi ako ginugutom ng mom ko!”

“Mom?” I shook my head. “Ilang taon ka na ba?” Natawa ako nang sabihin niya. “Batang-bata. Pero pwede nang gawing ulam.”

“Huh?” she wondered.

I shook my head again. Ngayon lang ako nakakita ng babaeng sobrang innocent.

“Wala akong pera. Wait, magnakaw tayo.”

Binitawan niya ang kamay ko.

“Masama ang magnakaw! At kung magnanakaw ka, hindi ako kakain! Ayokong kumain ng galing sa nakaw!” Nanlalaki ang mga mata niya. Kumunot naman ang noo ko.

“Bakit? May ibang paraan ka bang alam? Pareho na tayong nagugutom.”

“Maraming paraan!” giit pa niya.

Malapit kami sa palengke. Kinuha niya ang gitara at saka pumwesto kung saan.

I watched her.

Tumayo siya sa corner, pagkatapos ay ngumiti siya sa mga tao. Walang pumapansin sa kanya. Mayamaya ay nagsimula na siyang tumugtog.

Magkalayong agwat...

Gagarwin ang lahat...

Somehow, the people stopped to notice her. They actually stopped and watched her. Napatuwid ako ng pagkakatayo nang magsimula ang mga tao na maghulog ng pera sa kahon na inilagay ni Samuelle sa tapat niya. They gave her peso bills and some coins.

Dito'y umaga, diyan ay gabi...

Ang oras natin ay magkasalungat

Tinapos niya ang pagkanta. Pinalakpakan naman siya ng mga tao. They gave her actual money. Matapos iyon ay bumalik siya sa akin na dala ang box niya.

“Hindi sa lahat ng pagkakataon, magre-resort ka sa bad things. Hindi lahat ng bagay ay kasamaan ang sagot. Sometimes, you just have to think of another way. There are a lot of choices and chances in life, Judas.”

Nilagpasan niya ako. I watched her walk away. Mayamaya ay sumunod na ako sa kanya.

“Tara na! Kumain na tayo, ililibre kita!” sabi ko sa kanya. She just looked at me.

“Ayoko ng fish.”

“Then we'll eat meat! Come on!”



“Can you at least tell me why we are running and what are we running from?”

Hindi ko na natiis ang gutom ko. Judas and I ended up eating at one of the eateries in the market. Kumain ako sa kabila ng hindi magandang amoy ng lugar.

Binilhan niya ako ng pork steak at kanin. He even bought me bottled water. Okay na sa akin iyon, basta makakain ako. He just looked at me. Kumakain siya ng gulay at isda and I hated him for that. I am the Queen Mermaid and if I have powers, I will punish him by turning him into a goldfish.

“Mas mabuti na wala kang alam,” matipid na sagot niya. I rolled my eyes.

“Naisip mo bang dapat may alam ako kasi tayong dalawa ang tumatakbo ngayon? Ako ang naagrabyado. I should know what we are running from—”

“We are running to save our lives. Kung gusto mong mabuhay, dito ka muna.”

“Bakit nga? Sino ba sila?”

He sighed and looked at me. Uminom muna siya ng tubig. Lumamlam ang malungkot niyang mga mata.

“Okay, fine. You asked for it.”

I waited in anticipation. I was expecting the worst of the worse and I was right. The first three words he said gave me chills.

“I’m a drug dealer. I’m a bad man. I do unlawful things, Samuelle. I kill people, ni hindi ako kumukurap kapag ginagawa ko iyon. I am happy whenever others are suffering. Yes, I also steal. My friends and I steal—”

“You were the ones who stole *The Parisian Life!*” I exclaimed, incredulous.

“Yes, we did.”

“Oh, my God! And... and those guys, they wanted

to kill you because...”

“I have no idea why. Kaya nga tumatakbo ako, di ba? One thing is for sure, they want me dead and because you’re with me, they want you dead also.”

Umiling ako. Hindi! Hindi ako pwedeng mamatay!

Napakunot ang noo ko nang makita kong kinuha niya ang kanyang baril saka siya tumayo.

“Dapa!” utos niya sa akin.

I obeyed. Ang sumunod na narinig ko ay ang walang-hanggang tunog ng mga baril na nagpuputukan. Nang sumilip ako ay nakita ko ang isang lalaki na dilat ang mga mata pero wala nang buhay.

“Oh, my God!” Kinuha ako ni Judas saka tumakbo na kaming muli. Narating namin ang highway paglabas ng market. I was already crying. Nasa likuran ko ang aking kasama.

Ang naiisip ko lamang na nais kong gawin ay gusto ko nang umuwi at kapag nakauwi na ako ay yayakapin ko nang mahigpit ang mga magulang at mga kapatid ko.

Napahinto ako nang makita ang isang lalaking nakatayo sa harap ko. Nakasuot siya ng leather jacket na itim at may outline na blue sa gilid. May dala siyang baril na nakaumang sa akin.

“Oh, my God!” Was this my end?

“Miss, dapa!” sigaw niya.

Huh? Dumapa ako. He fired the gun. Napansin ko naman na may isang babaeng humawak sa braso ko. She was smiling.

“Sumama ka sa akin. We’re not the bad guys,” she said. Sumama nga ako at sumakay kami sa isang coaster

na pagpasok ko ay pulos armas ang laman. There was a man wearing a red shirt and he kissed the woman who took me.

“Hey, I missed you.”

“Malandi ka, Axel John, ha!” Natawa siya.

“Nasaan si Judas?” tanong ng isang lalaking nakasuot ng purple t-shirt.

“Aatake ako sa itaas. I-cover mo ako, David,” the man in a white shirt said.

Naguguluhan ako. Sino sila at bakit parang alam na alam na nila ang gagawin?

“Tang-ina, hindi pwedeng mamatay si Azul! Hindi ko pa siya natitikman!” said the man in a white shirt.

Napaupo na lang ako. I asked myself, *Am I safe? As in really safe?* I swallowed.

Hindi nagtagal ay pumasok ang lalaking naka-leather jacket pati si Judas sa loob ng bus na iyon.

“Paano n’yo kami nasundan?” humihingal na wika niya.

“Azul put GPS in your shoes, Jude,” paliwanag ng lalaking naka-red.

“Alam ko kasing may sumusunod sa ’yo. I saw the cars following you that night,” tugon nito. “And who’s the girl?”

“Samuelle Santos. Casualty.”

Yes, I was a casualty. Hindi ko na nga alam kung makakalimutan ko pa ang near-death experience na ito.

“Let’s go back,” wika ni Judas. “Whoever is after me, we clearly sent him a message. Hindi ako papahuli.”

“Are we really going back?” I asked them. I was on the verge of crying.

“Yes.”

“Oh, my God! Thank you!” Tumayo ako para yakapin si Judas. I hugged him so tight. Masasabi ko lang na safe ako kapag nasa tabi na ako ng mommy at daddy ko.

I miss my mom and our little arguments...

CHALLENGE #03



“Ito na iyong bahay ninyo? Ang laki naman.”
 Napanguso ako habang sumisilip sa bintana ng bus. Kinakagat-kagat ko ang labi ko habang nakatingin ako sa bahay namin. Alas siete na ng gabi at ganoon na lang ang kabog ng dibdib ko nang makita ko ang kotse ni Logan at ang ‘Batmobile’ ni Bruce Wayne.

I was on the verge of crying. Nai-imagine ko na kung ano ang reaksyon ni Mommy kapag nakita niya ako ngayon. Hindi ko alam kung anong paliwanag ang sasabihin ko sa kanya. Paano ko sasabihin ang dahilan kung bakit hindi ako nakauwi kagabi? Paano ko ipapaliwanag ang mga near-death experiences ko sa loob lang ng halos twenty-four hours?

“Off you go...” sabi sa akin ng lalaking ipinakilala ni Judas bilang King David.

Tumango ako at bumaba na ako ng bus. Papasok na ako ng bakuran namin nang tawagin ako ni Judas. Napatigil ako at hindi makapagsalita. Kinakabahan kasi talaga ako, baka kapag ibinuka ko ang bibig ko ay lumuwa naman ang puso ko.

I kept on telling myself to calm down but how could I?

Sumabay sa akin si Judas papasok sa aming bakuran.

Nang nasa front door na kami pareho ay kumatok siya. Bumukas ang pinto at bumungad si Bruce Wayne.

“Sampalok!” sigaw ng kapatid ko. I made a face. “Mom! Dad! Logan!” muling sigaw niya. Hindi naman nagtagal ay kaharap ko na ang buong pamilya ko. They were all looking not at me but at Judas.

“Good evening, Sir, Ma’am.”

“Hi, Mom, Dad...”

Tinabig ni Dad si Batman at gumitna siya. He took my hand.

“Who are you and where did you take my daughter?”

“I am Judas Alonso Escalona. I am a friend. I just needed Samuelle’s assistance to something—”

Napasigaw ako nang sapakin ni Wolverine si Judas. Si Bruce Wayne naman ay tinadyakan siya sa tagiliran. He looked mad and I feared him. Baka saktan niya ang family ko.

“Umalis ka dito,” utos ni Dad. “I don’t want to see you near my daughter again or I will have you jailed. Go!”

“Dad, kalma, please—Oh!” Nagulat ako nang hatakin ako ni Mommy papasok. Narinig kong sumara ang pinto. Inupo niya ako sa couch at saka tiningnan ako.

“Sampalok! Saan ka na naman nagsuot?! Wala ka ba talagang pakialam sa nararamdaman namin ng dad mo? Mahirap bang mag-text para ipaalala sa amin kung buhay ka pa? Bakit ba ang tigas-tigas ng ulo mo! Your dad and your brothers didn’t sleep because they were looking for you all over the metro! Your ninongs, Zach, Anton and Trey looked for you! Hindi ka ba talaga nag-iisip? Ang tigas-tigas ng ulo mo! Manang-

mana ka!”

Sa kabila ng lahat ng ito ay nakatingin lang ako sa mommy ko. I missed her. Kaninang umaga ay hindi ko na naisip na magkakaharap kami. Akala ko ay mamamatay na ako, akala ko ay katapusan ko na. Tumayo ako at yumakap sa kanya. I cried. I cried like I never had before. Iyak lang ako nang iyak hanggang sa manginig na ang buong katawan ko.

“I’m sorry, sorry...” Humikbi pa ako. “I... I will never do it again, Mommy. I’m sorry. You can ground me if you want, I’m just so happy I hugged you again...”

Niyakap din ako ni Mom. Nakita ko sa blurred vision ko sina Batman at Wolverine na nakatingin lang sa amin. Mayamaya ay nag-family hug na kami. I knew that Dad was still mad at me, but I’m just happy to be home.

Matapos ang iyakan at yakapan ay pinagpahinga na ako ni Mom. Pinagbawalan niya ang dalawang kapatid ko na guluhin ako. Maybe because she knew that I was really tired. Nakakapagod naman talaga ang walang hanggang takbuhang ginawa namin ni Judas. Wala talaga akong pahinga at kahit ngayon na nakahiga na ako ay iniisip ko pa rin ang nangyari sa akin kanina.

Hindi ko makakalimutan ang mukha ng taong iyon na namatay dahil nabaril siya ni Judas. The fact that Judas didn’t even feel guilty about it made me think that he was a monster.

I tried sleeping but failed. Tumayo ako at lumipat sa silid ng parents ko. Nakita kong tulog na sila pareho. Dad’s arms were around Mom and they looked so peaceful. I climbed the bed. Pinaghiwalay ko ang mga kamay nila at saka yumakap ako sa mommy ko.

Umiiyak ako.

“Samuelle...” Naalimpungatan siya. She looked at me. “What’s wrong? Kumikidlat ba?”

Madalas kaming nagka-clash ni Mommy dahil sa mga bagay na hindi niya madalas maintindihan sa akin pero kapag natatakot ako, sa kanya din ako tumatakbo, tulad ngayon.

“Akala ko, Mommy, hindi na kita makikita. I love you...” She touched my face.

“Ang baby ko talaga...”



One week later...

I was doing my morning jog that Monday. Wala na akong iniisip na problema. Natapos rin ang problema ko nang araw na nakaengkwentro ko ang mga tauhan ng kung sinuman iyon. Wala na akong naramdamang kung ano, wala nang sumusunod sa akin. Siguro naman ay nakuha nila nang malinaw ang mensaheng ipinararating ko—hindi ako papahuli nang buhay. Kung papatayin nila ako, uunahan ko silang lahat.

Nasa *Manila Bay* ako nang tumunog ang phone ko. Napangiti ako nang makita ang mukha ni Leira sa screen. Sigurado ako na si Baby Blue ang nasa phone. I wondered what she wanted now. Si Baby Blue talaga ang pinakapaborito ko sa lahat ng pamangkin ko. She was very sweet and her innocence made me believe that there’s still a part of this life where happiness and genuine love was possible. Nakikita ko iyon sa mga mata ni Baby Blue.

I loved her innocence. And it somehow reminded me of Samuelle’s innocence, which I hated, by the way. I didn’t like the girl, buti na lang at wala na akong

kailangan sa kanya. I did believe at last na hindi siya kasama sa mga taong iyon. She was just too pure and people like her did not belong in my world.

“Hey, Baby Blue!” masayang wika ko. Napakunot ang noo ko nang marinig ko siyang humihikbi.

“D-Daddy J-Jude... bad man... shot...”

“What, baby? Hello?”

Hindi ko alam kung bakit ako kinabahan. Nawala sa linya si Blue. Hindi ako mapakali. Agad kong tinawagan si Leira at si Azul, pero parehong out of coverage ang phone nila. Pagkatapos na pagkatapos kong ibaba ang phone ay pumasok naman ang tawag ni Axel.

“What happened?” Alam kong may nangyaring hindi maganda. My instinct never failed me. I knew that something was wrong. Alam kong may nangyari, huwag naman sanang malala.

“Azul and Leira were shot.”

Parang nag-slow motion ang mundo ko.

“Nasaan si Blue?!” I yelled.

“Ido found her in the closet. Dinala na namin sila sa ospital. Leira had to deliver the baby ASAP. Ligtas naman pero pareho silang hindi pa nagigising. Pumunta ka na dito.”

Sinabi sa akin ni Axel kung nasaan sila. Hindi na ako umuwi. Nag-taxi na lang ako papunta doon. Habang nasa byahe, tumawag sa akin si Mariella na iyak din nang iyak.

“David and Monmon...”

“P*tang-ina!” Akala ko tapos na ang problema ko, pero hindi pa rin pala. Ayon kay Yella ay nabaril si David dahil iniharang nito ang katawan sa anak,

pero pagkatapos mabaril ni KD ay binaril pa rin si KS. Daplis lang daw ang natamo ng bata, pero delikado rin ang lagay ni David.

Nang dumating ako sa ospital ay si Ido na lang ang nadatnan ko doon. They were operating on the couple. Kabang-kaba ako. Ano ba ang nangyayari? May kinalaman ba dito ang gustong pumatay sa akin?

“What happened?”

“Berna’s dead,” Ido said. Nanlumo ako. He was talking about Bernice’s sister.

“Nasaan si Bernice? Si Axel? Si Reese?”

“Axel went to the morgue with Bernice. Si Reese ay kasama ng mommy ni Mariella. Mariella is on the other side, kasalukuyang inoopera ang mag-ama niya. Si Blue ay nasa kapatid ni Simoun...”

Pakiramdam ko ay dahan-dahan at unti-unting gumuguho ang mundo ko. Kung dahil sa akin ito, bakit pati ang mga kaibigan ko ay nadadamay? They chose the family path; dapat ay may tahimik na silang buhay pero bakit ganito?

Pinutahan ko si Yella na tulalang nakaupo sa waiting lounge habang naghihintay. She looked at me.

“Tell me, will I have my son and my husband back, Judas?” she asked me. Niyakap ko na lang siya. Ikinuwento naman niya sa akin ang pangyayari.

“David was helping Solomon take the trash out. I was inside with Tamar, I was feeding her when I heard a car stopped. Sumilip ako and I saw a woman, she shot at Solomon’s direction but David ran. Napasigaw ako nang barilin niya rin ang anak ko, then they left. Who are they, Jude?” She was sobbing.

Babae...

David and Monmon.

Azul and Leira...

Bernadette.

Who would do this?

Bumalik ako kay Ido. May tinatawagan siya sa phone. He looked at me.

“She’s not answering my calls. F*ck! Dito ka muna!”

Umalis siya. Sumunod ako, pero hindi ko na siya nakita sa labas ng ospital. Naisip kong bumalik sa loob, pero biglang may pumalo sa likod. Akala yata ay mawawalan ako ng malay. I fought hard but then...

“Sumama ka sa amin, kung hindi ay papasabugin namin ang bahay ng kapatid mo sa New York,” he whispered in my ear and just like that, I lost the will to fight back.

Sumama ako, isinakay nila ako sa loob ng itim na van na iyon. Piniringan nila ako. Hindi ako makagalaw dahil itinali nila ay mga kamay at mga paa ko.

I was thinking about Ate Arruba and the last time we talked. *“I feel like I am being followed. Pero malayo naman na ako. Siguro paranoia lang ito. ‘Wag kang mag-alala, Jude. I drink my pills everyday and Richard takes care of me and our son.”*

She was indeed being followed pero kung sino, hindi ko alam. Isa lang ang masasabi ko, kilala ako ng taong humahabol sa akin.

Babae...

If that woman was Samuelle, I would gonna kill her!

Huminto ang sasakyan. Kinuha nila ako at ipinasok nila ako sa kung saan.

Inalis nila ang piring ko. Wala akong makita dahil

sa dilim, pero saglit lang iyon. Bumukas ang ilaw at doon ay nakita ko ang mga litrato ng mga tao sa buhay ko.

“P*tang-ina...”

“Hi, Judas Escalona.”

I heard a very familiar voice. I looked in front of me and there stood a woman wearing a black ensemble—the Catwoman’s suit.

“Jessie...” I mumbled.

“Yes... Jessie Paraiso, err... Jesusa to my father whom you killed.”

F*ck. This. Shit.

Nagwala ako. Pilit kong inaalís ang mga tali ko. May hawak siyang baril.

“Wag ka ngang makulit! Mapapagod ka lang. Bakit hindi ka na lang makinig sa akin?”

“You did this? All of this for what?!”

“Revenge. Dahil sa ’yo, namatay si Papa. Sinabi mo sa kanya that you wanted out of the syndicate. Dinibdib niya iyon because you are the son that he never had! He wanted you to be his heir, pero binigo mo siya! Ikaw ang nagturo sa akin—sa amin—na walang second chances sa buhay! How dare you change that?!” Puno ng galit ang boses niya. Huminga siya nang malalim.

“And from that day on, I plotted everything. You may not notice, pero limang taon kong pinaplano ang lahat. I planted myself near you and your friends. I disguised myself as a lady cleaner in Axel John’s building, as a wedding coordinator at Azul’s wedding, as tutor to King David’s son, and as Ido’s gardener...”

“Siniguro ko ang lahat ng galaw ng mga tao sa paligid mo, Judas. I waited patiently, I even rescued

Axel John's life to be a little closer to him and his brother. And today marks the end of my waiting. Isa-isa ko silang pinapatay..." Tumawa si Jesusa na para bang masayang-masaya siya. She looked at me.

"You shot Azul..."

"Oh, yeah. Gulat na gulat siya nang pumasok ako sa bahay niya at agad na binaril ang asawa niya. Kung hindi lang mabilis iyong naging pagtakbo ng anak niya, binaril ko na rin iyong bata. I shot Azul, face to face. Then I went to King David's house to kill his son, pero nakialam siya kaya pati siya'y binaril ko. Then last night, I attacked Bernadette Bulabog in her apartment. Binaril ko siya sa ulo. Patay."

I felt so weak. Bakit niya ito ginagawa? Paghihiganti para sa pagkamatay ng Big Boss? Pero wala akong kinalaman doon. Sinabi ko lang sa tatay niya that I wanted out and he let me, but why was Jesusa making this hard for me?

"What do you want?"

"Three things, Jude. I need gold," she grinned. "Two, I need you to go to Morocco with me to deal with the Moroccan drug syndicate, and third, I need you to kill someone..."

"And what do I get in return?" I asked again. Sinampal niya ako.

"Tuso ka, Escalona. But you know me. I'm fair. If you do all of these, I will give your freedom back, and the life your friends chose. Hindi ko na kayo guguluhin. And I know you are planning to tell Ido and Axel about this. Kapag ginawa mo iyan, papatayin ko si Georgina Varess, at ang anak ni Axel John. Mamili ka..."

Wala akong choice. I never believed in choice. I

just nodded.

“I’m in. I can give you the gold tonight. When are we leaving for Morocco?”

“Tomorrow morning. Alam ko naman na magtatagumpay tayo doon. The Moroccans know you, they trust you. And for the last test, para matubos mo ang kaluluwa mo sa akin, you have to kill her.”

Mula sa likuran niya ay umilaw ang malaking monitor at doon, nag-flash ang mukha ng isang babae.

“Kill her and you get your freedom and your friends back.”

My mouth parted.

The girl in the monitor was... Samuelle!

“Why her? She’s innocent!”

“I don’t care if she’s as innocent as pie! I want you to kill her! She’s your salvation and you have to kill her. Kapag hindi mo siya pinatay, simulan mo nang magpaalam sa mga kaibigan mo...”

CHALLENGE #04



“Make it happen.”
 Iyon ang tatlong salitang binitiwang sa akin ni Jesusa pagkatapos naming maghiwalay tatlong araw na ang nakakalipas. Galing kami sa meeting kasama ang malalaking drug lords sa Europa, we closed the deal, I also gave her the gold resource she wanted and now, I only have to kill that woman.

Walang problema kung sa pagpatay, pero may problema talaga. Paano ko gagawin iyon? Wala namang masamang ginawa ang batang iyon. Napasama lang siya sa akin. Tinanong ko si Jesusa ukol dito, ang sinabi niya lang ay isang test of faith ito. Samuelle was my salvation. She would redeem my soul from Jesusa’s group. Gusto ko iyon—matagal ko nang nais makaalis sa grupo nila. Nakamatayan na ng daddy ni Jesusa ang kahilingan kong iyon at bago siya mamatay ay pinalaya niya ako. He gave me what I wanted and I thought that it’s that easy, but Jesusa being here, it’s a big problem.

“Jude?”

Lumingon ako nang marinig ko si Ido. Puno ng pagtataka ang mukha niya habang isinasara niya ang pinto. Naroon ako sa silid ni King David. Hanggang

ngayon ay tulog ang hari. Nag-aalala na si Yella sa kanya. Maayos naman ang kalagayan ni Monmon, mabuti at daplis lang sa tagiliran ang natamo ng pamangkin ko. Pero si David, tinamaan ang kaliwang parte ng baga niya. Naalis naman na ang bala, and he was on his way to recovery but he hadn't woken up.

Azul, on the other hand, was in coma too. Gising na si Leira. Ligtas naman si Baby Red, pero nasa loob ito ng incubator. Si Azul na lang talaga ang problema, nasa ICU siya. Mas malala ang nangyari sa kanya kaysa kay KD. Binaril si Azul nang apat na beses sa likod at sa tuwing naalala ko iyon, gusto kong patayin si Jesusa... but then, I couldn't. Not until I knew that Ate Arruba was safe.

“Saan ka nanggaling? Akala ko may nangyari na sa 'yo! P*tang-ina, Judas! Ikaw na lang at ako ang nakatayo! 'Wag ka naman nang umalis!”

“Nasaan si Axel?” Hindi ko pa nakikita si Axel John mula nang bumalik ako. I understood this, maybe he was still with Bernice and Bernard. Alam kong nagluluksa ang dalawa dahil sa pagkawala ng kapatid nila.

“How's Bernice coping?” I asked.

“Bernice is fine... so is Berna...”

Agad na lumipad ang tingin ko kay Ido. Nakangisi siya.

“False alarm. Palpak ang umatake kay Berna. Maling unit ang pinasukan, maling tao ang pinatay. Berna is in Israel. And she's alive...”

Agad akong kinabahan. Kung buhay si Berna, hindi ba ito alam ni Jesusa? O baka naman alam niya pero

hindi na lang niya sinabi sa akin. Walang kinalaman sa akin ang magkapatid na Bulabog. Si Axel ang dapat niyang puntiryahin—na hindi niya talaga dapat gawin dahil inosente rin si Axel.

“So, it’s just the kid and Azul,” wika ni Ido.

Bumaling ako kay David at pinagmasdan ang natutulog niyang anyo. “Nasaan si Yella?”

“Wag kang mag-alala. She’s safe. May nakapalibot na mga ka-liga ko sa kanya. And Roma’s sister is with her. Malupit iyon. Things are fine. We just have to know who’s behind this...”

Alam ko...

Gusto kong sabihin kay Ido ang totoo, pero hindi ko magawa. Ayokong pati siya ay mapahamak. Unti-unti niya pa lang binubuo ang buhay niya. Hindi pwedeng madamay si Ido. He had suffered enough for the past years and if I could spare him the pain and the stress, I’d do it. I’d do it for him, I would never hesitate.

“Pupuntahan ko si Azul.” Tumayo ako at lumabas ng silid na iyon. Habang naglalakad ay nadaanan ko ang silid kung nasaan si Solomon. Hindi ko napigilan at sumilip na rin ako. Naroon si Yella at kasalukuyan niyang kinakausap ang nurse. Pinalilipat na yata niya ng silid si Monmon para magkasama na lang ang mag-ama. Hindi ko na sila inistorbo.

Tumuloy ako sa kinaroroonan ni Azul. Nasa labas ng ICU si Blue. Nakaupo siya habang nakatingin kay Leira.

Dahan-dahan akong lumakad papalapit sa kanila.

“Ma, gigising pa ba si Daddy?”

“Oo naman, anak. Nagpapahinga lang siya. If you

pray hard enough, Daddy will wake up. Prayers can move mountains, baby... so just have faith and pray..."

"Leira..." tawag ko. Nag-angat siya ng tingin at ngumiti nang makita ako.

"Daddy Jude..." Lumapit naman sa akin si Blue at niyakap ako.

"Buti at nadalaw ka. Noong isang araw ka pa hinahanap ni Ido," mahinang wika niya sa akin. Kitang-kita ko ang kalungkutan ni Leira. Naaawa ako sa kanya. I couldn't help but feel bad about this and blame myself for it.

"Jude, nakita mo na ba ang bago mong inaanak?" Naluluha na siya. "He's strong, just like his father."

"Gigising si Azul, Leira. Gagawin ko ang lahat maging safe lang kayo."

She just smiled. Kinarga ko si Blue. Patuloy kaming nag-uusap ni Leira. Ikinuwento niya sa akin kung ano ang nangyari noong araw na iyon at kung paano sila iniwan na halos walang buhay ng mga taong pumasok sa bahay nila. She was scared, and got even more scared when she woke up and realized that Blue had no one when the shooting happened. Nagpapasalamat na lang siya at ligtas silang lahat—hinihintay na lang niyang magising si Azul.

"Daddy Jude..."

In the midst of it all, tinawag ako ni Blue.

"Daddy Jude, look, may tao..." sabi niya. Nakatingin siya sa loob ng ICU. Kumunot ang noo ko. May tao nga sa loob at doon, nakita ko na sinuri nito ang mga tubo ng mga aparato na nakadikit sa katawan ng kaibigan ko. But then what shocked me was the fact that the

nurse cut the wire that was attached to Azul's oxygen.

"Dammit!" I said. "P*tang-ina!"

"Ano'ng nangyayari?!" Frantic si Leira. Ibinigay ko sa kanya ang anak niya at saka pumasok sa loob ng ICU. Nakatalon agad sa bintana ang taong pumutol ng wire sa oxygen tank ni Azul and now, he's flat lining. Leira was crying. Agad kong pinindot ang intercom at binalingan si Azul. Sinubukan ko siyang i-revive gamit ang mga kamay ko.

"Do not f*cking die on me, asshole! Bumalik ka!"

Natutulig ako sa tunog ng mga aparato. Umiiyak na si Leira habang si Blue ay titig na titig lang sa akin. Hindi ko maintindihan kung ano ang gagawin ko.

Mayamaya ay dumating ang mga nurse at ang doctor. They tried reviving the patient. Si Leira ay nakatayo na lang sa isang tabi, karga ang panganay niya habang ako ay unti-unting nanghihina.

Hindi pwedeng mawala ang kapatid ko! Azul was my brother and I would never let him die. He saved me from the villains of my life back then at utang na loob ko sa kanya ang lahat pati ang buhay ko. Iniligtas niya ako sa tatay ko. Ililigtas ko rin siya kay Jesusa.

Sa gitna ng mga iyak at hagulgol ay nakatanggap ako ng mensahe mula kay Jesusa.

Choose your person, Judas. Simoun Paul Azul or Samuelle Garcia Santos...

Naikuyom ko ang mga palad ko...



Something inside me had changed.

I was looking in front of my mirror that morning. I was trying to find out what changed. Alam ko talaga na

may nagbago sa sarili ko. For once in my life, I wanted to leave home and be independent. Sa pagkakataong iyon, ayoko ng tulong ng mga kapatid ko o ng mga magulang ko. Gusto kong mag-isa.

I wanna get a tattoo.

Iyon ang isang bagay na kagabi ko pa pinag-iisipan. Sa tingin ko naman ay walang masama kasi lahat ng kakilala ko ay may tattoo. Ate Yngrid had one, Kuya L.A. had one also. The Batman and The Wolverine had their own marks. Even ZD had a big letter X near his chest where his heart was located.

And I also wanted mine.

I wanted a mermaid tattoo in my back. Gusto ko din ng star sa gilid ng legs ko. Sa tagong lugar para hindi naman makita agad ni Mama o ni Papa. I sighed. I wanted to defy my parents.

I wanted to feel a certain rush in my body—the kind I felt when I was with Judas. Hindi ko alam kung bakit ko hinahanap ang adrenaline rush na iyon, but at that moment, I felt so alive and so... free...

“Sampalok?”

I heard a knock on my door. Agad kong isinuot ang shirt ko at lumabas ng bathroom. I saw Mom sitting on my bed. She smiled at me and patted the spot on her side. Umupo ako doon at ngumiti rin sa kanya.

“Yes, Mommy?” Inayos niya ang buhok ko pagkatapos ay huminga siya nang malalim. Dati ay natutuwa ako kapag ginagawa ni Mommy sa akin ang mga bagay na ito. Dama ko kasi na ako pa rin ang little girl niya but now, I just wanted to grow up and be alone. I wanted to break free. I wanted to spread my wings.

“Do you have a boyfriend?” she asked me. Napanguso ako.

“Ma, is this about Judas? S’abi ko naman sa ’yo, nakilala ko lang siya that time, pero hindi ko naman siya boyfriend. We’re just friends.”

“I see... Then why is he downstairs with roses and chocolates?”

Hindi ko maintindihan ang sinasabi ni Mommy. Nasa ibaba si Judas? Pero bakit? Ang akala ko ay hindi na kami muling magkikita. Wala naman siyang kinalaman sa akin. Nadamay lang ako sa kanya. I accidentally slept in his car and it turned out to be the best chaotic adventure in my life, pero nandito siya.

“Nanliligaw daw siya.”

Nagtaka ako. “Bakit naman niya ako liligawan?”

Bumaba ako at doon sa sala, nakita ko nga si Judas na may dalang bulaklak at chocolates. Mukhang naiinip na rin siyang mag-antay. Naisip ko pa nga kung ano ang lahi niya. Napakaaga niyang manligaw. Alas nueve pa lang nang umaga.

“Hi...” Hindi pa ako sigurado sa pagbati ko sa kanya. Hindi kasi mawala sa isip ko na baka nagkamali lang siya ng bahay na pinasok.

“Hello. Good morning, Samuelle.” He gave me his warmest smile.

Napalunok ako. As I was gazing at him, I realized that he was a very good-looking man. Kahit nga yata ang salitang ‘gwapo’ ay hindi sapat para ilarawan siya. He looked like a walking Greek god with clothes on—because inside my head I was imagining him naked. It was wrong but I just couldn’t help it.

Do not picture him naked, Sampalok!

That was the mantra I kept on repeating in my head. I closed my eyes and opened it again. I must be dreaming. Ano ang ginagawa ni Judas dito?

“Para sa ’yo.” Ibinigay niya sa akin ang mga bulaklak. Nanginginig ang mga kamay na kinuha ko iyon mula sa kanya.

“Intsik ka ba?” wala sa loob na tanong ko. “Ang aga mo masyado. Uhm... ano ba’ng ginagawa mo dito? Baka naligaw ka...”

Ngumisi siya. Naghuramentado ang puso ko. Lumabi na lang ako para hindi niya mahalata ang mga nangyayari sa akin. I just couldn’t stand him being here. He’s just too perfect.

Nakadama ako ng awkwardness nang mapansin ko si Mom na nakatingin sa amin ni Judas. Agad ko siyang hinatak paalis ng sala at palabas ng bahay. Nang makarating kami sa labas ay hinarap ko siya. Naroon ang sasakyan niyang unang naka-attract sa akin at ang dahilan kung bakit ako nasa buhay niya ngayon.

“Ano ba’ng ginagawa mo dito?” His everything was just so breathtaking. Nag-iwas ako ng tingin. He grinned.

“Sampalok, iyon ang tawag nila sa ’yo, di ba?” nakangising turan niya. “So, Sampalok, what do you wanna do today?”

“Huh?” Napanganga ako. Why did my name sound better coming from his mouth?

“Random question. What do you wanna do?”

“I wanna get a tattoo, random answer.”

“Then I’ll give you a tattoo. I’m a tattoo artist, you

see,” nakangiting wika niya. “Ako ang nagta-tattoo sa mga kaibigan ko. I know how gay it sounds, but my friends and I have matching tattoos.’Lika, mamarkahan kita...”

Hindi ko alam kung bakit pero nang sinabi niyang ‘mamarkahan kita’ ay kinilabutan ako. Para kasing iba ang dating...